

Card ng Bakuna para sa COVID-19 / Mga FAQ sa MyIR Mobile

Ano ang isang Card ng Bakuna?

Ang Vax Card (Card ng Bakuna) ay isang opisyal na record ng iyong pagpapabakuna laban sa COVID-19. Sa oras ng pagpapabakuna, dapat nakatanggap ka ng card mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) na may (mga) petsa ng iyong pagpapabakuna at brand ng bakuna sa COVID-19. Kung hindi ka nakatanggap ng card o nawala mo ito, may ibang paraan para patunayang nabakunahan ka na (tingnan ang mga tanong at sagot sa ibaba).

Anong itinuturing bilang opisyal na record ng pagpapabakuna?

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng mga opisyal na record ng pagpapabakuna:

- Panghabambuhay na record ng pagpapabakuna/Card ng Bakuna para sa COVID-19 ng CDC
- Printout ng Immunization Information System (Sistema ng Impormasyon sa Pagpapabakuna) ng Estado ng Washington
- Printout (screenshot o Sertipiko ng Status ng Pagpapabakuna) ng [MyIR](#) (Ingles lamang)
- [Sertipiko ng Pagpapabakuna para sa COVID-19 ng My IR Mobile](#) (Ingles lamang)
- Na-verify na printout ng elektronikong medikal na record mula sa iyong medikal na provider

Hindi ka pwedeng gumawa ng iyong sariling Card ng Bakuna, dahil hindi ito tatanggapin bilang opisyal na record. Ang mga opisyal na record ay mga na-verify na medikal na dokumentong nakukuha sa oras ng pagpapabakuna, sa pamamagitan ng iyong medikal na provider, o sa pamamagitan ng mga portal ng serbisyo ng MyIR na nakalista sa itaas.

Paano ko dapat itago ang aking Card ng Bakuna?

Dapat mong itago ang iyong Card ng Bakuna sa isang ligtas na lugar! Isipin na para itong iyong sertipiko ng kapanganakan o passport. Pwede kang kumuha ng litrato nito, gumawa ng photocopy, i-laminate ang kopya (ngunit hindi ang orihinal), o gumawa ng ibang hakbang para tiyaking mayroon kang mga available na kopya nito.

Para sa higit pang tip sa wastong pagtago ng iyong Card ng Bakuna, pwede mong ibahagi ito sa mga kapamilya at kaibigan. Mag-click dito para sa flyer sa iyong wika: (kasalukuyang available sa [Ingles](#) at [Espanyol](#)).

Bakit ko kailangang itago ang aking Card ng Bakuna?

Ang iyong Card ng Bakuna ay isang madaling paraan para magpakita ka ng katibayan na nabakunahan ka laban sa COVID-19. Maaaring kailangan mong magpakita ng katibayan ng pagpapabakuna para makapagbiyahe, makadalo sa mga partikular na event, at maaaring para sa pagdagdag ng impormasyon ng booster dose sa hinaharap.

Maraming negosyo sa Washington ang nag-aalok na rin ngayon ng mga insentibo para sa mga nagbibigay ng na-verify na katibayan ng ganap na pagpapabakuna. Maaaring kabilang dito ang mga diskuwento, freebie, o mga gustong upuan sa mga event.

Ano ang gagawin ko kung hindi ako nakatanggap ng Card ng Bakuna noong kinuha ko ang aking bakuna?

Kung hindi ka nakatanggap ng Card ng Bakuna noong kinuha mo ang iyong (mga) bakuna para sa COVID-19, pwede kang makipag-ugnayan sa iyong provider ng bakuna. Pwede mo ring i-access ang iyong mga record ng bakuna sa COVID-19 online sa www.MyIRMobile.com (Ingles lamang) at mag-set up ng libreng account.

Anong gagawin ko kung nawala ko ang aking Card ng Bakuna?

Kung nawala mo ang iyong Card ng Bakuna, pwede kang kumuha ng opisyal na katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa pamamagitan ng pag-set up ng account sa www.MyIRMobile.com (Ingles lamang).

Ano ang MyIR Mobile?

Ang MyIR Mobile ay isang portal sa internet na nagbibigay sa mga tao ng access sa kanilang mga opisyal na record ng pagpapabakuna sa estado. Pwede kang mag-set up ng account sa www.MyIRMobile.com (Ingles lamang).

Mangyaring tandaan na ang MyIR Mobile ay kasalukuyang limitado sa wikang Ingles lamang. Para sa tulong sa wika, o karagdagang tulong sa pagkuha ng iyong mga record, maaari ka ring tumawag sa Office of Immunization and Child Profile (Tanggapan ng Pagpapabakuna at Profile ng Bata) ng Estado ng Washington sa mga karaniwang oras ng trabaho sa (360) 236-3595 o makipag-ugnayan sa pamamagitan ng email sa waiisrecords@doh.wa.gov.

Paano ko makukuha ang record ng pagpapabakuna laban sa COVID-19 ng aking anak?

Dapat natanggap ng iyong anak ang kanyang sariling Card ng Bakuna ng CDC noong nagpabakuna siya. Mabuting ideya na itago mo nang ligtas ang card na ito para sa kanila, sa parehong paraan na itinatago mo ang iyong sariling card. Tingnan ang listahan ng mga opsyon sa pagtago sa itaas.

Kung walang Card ng Bakuna ng CDC ang iyong anak, pwede kang kumuha ng opisyal na kopya mula sa kanyang pediatrician o provider ng bakuna. Pwede ka ring mag-set up ng pampamilyang account sa www.MyIRMobile.com (Ingles lamang) at idagdag ang profile ng iyong anak sa iyong sariling account.

Paano kung nabakunahan ako sa labas ng estado ng Washington?

Kung hindi ka nabakunahan sa estado ng Washington, maaaring hindi ipinapakita ang iyong mga record ng pagpapabakuna sa MyIR Mobile. Mangyaring tiyaking mayroon kang ibang na-verify na katibayan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19, tulad ng iyong Card ng Bakuna ng CDC o ibang na-verify na record sa pamamagitan ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung hindi ka nabakunahan sa Estados Unidos, mangyaring magdala ng opisyal na katibayan ng pagpapabakuna mula sa bansa kung saan ka nabakunahan.

Paano ako makakakuha ng lahat ng aking record ng pagpapabakuna para sa sarili ko o aking pamilya (hindi lang pagpapabakuna laban sa COVID-19)?

Para sa iyong kumpletong listahan ng mga record ng bakuna para sa iyong sarili o iyong mga kapamilya, pwede kang makipag-ugnayan sa iyong pangunahing provider ng pangangalagang pangkalusugan o mag-set up ng account sa wa.MyIR.net (Ingles lamang).

Para sa tulong sa wika, o karagdagang tulong sa pagkuha ng iyong mga record, maaari ka ring tumawag sa Office of Immunization and Child Profile (Tanggapan ng Pagpapabakuna at Profile ng Bata) ng Estado ng Washington sa mga karaniwang oras ng trabaho sa 360-236-3595 o makipag-ugnayan sa pamamagitan ng email sa waiisrecords@doh.wa.gov.



DOH 348-819 June 2021

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang anyo o format, tumawag sa 1-800-525-0127. Mangyaring tumawag ang mga customer na may kapansanan o kahirapan sa pandinig sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.